# INTERNATIONAL NAPASA ( December 2, 2025 )

## 1)PANGYAYARING NAKAWAN NOONG BUWAN NG OKTUBRE SA LOOB NG SIYUDAD

10月に市内で発生した盗難事件の情報

Noong buwan ng Oktubre ay nagkaroon ng kabuuang 51 kaso ng pagnanakaw ng bisikleta sa Hiratsuka City. Ang mga pangyayari ay naganap sa halos lahat ng bawat distrito ng siyudad lalo na sa lugar ng Amanuma na may 8 kaso, 4 kaso sa Shinomiya at 3 kaso sa Sanada, Nakahara at Beniyacho. Kahit nasa kapaligiran ng tahanan nakaparada ang bisikleta at kahit nakasusi na ay nananakaw pa rin. Ipinapayo na kapag ipinarada ang bisikleta, bukod sa ordinaryong susi ay dagdagan din ng ***CABLE LOCK*** na mabibili sa mga ***HOME CENTER.***

Nagkaroon rin ng kabuuang 23 kaso ng pagnanakaw ng motorsiklo lalo na sa lugar ng Tamura na may 5 kaso at 3 kaso sa Higashi Shindo. Ipinapayong kapag ipinarada ang motorsiklo, bukod sa ordinaryong susi ay dagdagan rin ng kandadong panlaban sa magnanakaw.

## 2)IMPORMASYON UKOL SA SCHOLARSHIP PARA SA MAG-AARAL NG HIGH SCHOOL

高校生のための奨学金についてのお知らせ

Dito sa Kanagawa Prefecture ay may sistemang pagbibigay ng ***SCHOLARSHIP*** para sa mga mag-aaral na papasok ng High School sa isang taon. Ito ay hindi na kailangang isauli subalit may mga sumusunod na kondisyon:

1. Ang magulang at ang anak ay nakatira sa loob ng Kanagawa Prefecture.
2. Maaring mag-aral ang anak sa labas ng Kanagawa Prefecture subalit kinakailangang ang magulang ay nakatira sa Kanagawa Prefecture.
3. Hindi nagbabayad ng Resident Tax.

Para sa pag-aapply ay ipadala ang mga sumusunod na dokumento sa pamamagitan ng koreo sa ***BOARD OF EDUCATION (KYOUIKU IINKAI)*** ng Kanagawa Prefecture:

1. Application Form
2. Residence Certificate ng boung pamilya
3. Certificate ng Income ng magulang

Ang huling araw ng pag-aapply ay hanggang sa December 15, 2025. Para sa mas detalyadong pamamaraan ng pag-aapply ay maaaring tumawag sa ***MULTILINGUAL LANGUAGE SUPPORT CENTER ( TAGENGO SHIEN SENTA- )*** ng Kanagawa Prefecture.
**Telephone Number 045-316-2770 ( 045-316-2770 ).**

## 3)PAGPAPAALAM UKOL SA LEKTURA PARA SA KALUSUGAN NG MAMAMAYAN

市民健康講座のお知らせ

Sa December 6 (Saturday), ay magkakaroon ng ***LEKTURA PARA SA KALUSUGAN*** sa Hirashin Cultural Arts Hall sa Hiratsuka City mula 1:40 hanggang 3:30 ng hapon. Ang paksa ng lektura ay "***UKOL SA SAKIT SA PUSO***". Dito ay magpapaliwanang ang mga doktor ng

Shimin Byouin ukol sa sakit sa puso. Makakadalo dito ang naunang 150 katao. Para sa mga katanungan ay makipag-alam sa ***MANAGEMENT PLANNING SECTION (KEIEI KIKAKU KA).*** Telephone No. **0463-32-0015 ( 0463-32-0015 )**.